Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG **IKA-DALAWAMPU'T DALAWANG PANGKARANIWANG PULONG** NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, **IKA-18 NG HUNYO, 2003** SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. | - Pang. Punong-bayan Namuno |
| 2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE | - Kagawad |
| 3. Kgg. RAUL P. AALA | - Kagawad |
| 4. Kgg. ERIC T. PUZON | - Kagawad |
| 5. Kgg. LAUDEMER A. CARTA | - Kagawad |
| 6. Kgg. MARCELITO S. LASERNA | - Kagawad |
| 7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA | - Kagawad |
| 8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 9. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ | - Kagawad |
| 10. Kgg. ROMEO P. AALA | - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay |

Di-dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. RAYMOND RYAN F. CARVAJAL | - Kagawad, Nanunungkulang Pangulo ng Pambayang Pederasyon Ng Sang. Kabataan |

****************

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 1251-2003

(Sa mungkahi ng Lupon ng Urban Planning at
buong pagkakaisang pinagtibay)

ANG KAUTUSANG NA NAGTATALAGA SA LAGAY NG LUPAING MAY KABUUANG SUKAT NA 46,064 METRONG PARISUKAT (sq. meters), KILALA BILANG LOT NO. 1384, MATATAGPUAN SA BARANGAY MACABLING AT NAKAPALOOB SA TITULO BLG. (T-28711) T-13370 BILANG GAMIT-INSTITUSYUNAL (INSTITUTIONAL)/KOMERSIYAL (COMMERCIAL).

YAYAMANG, ang parsela ng lupaing kilala bilang Lot No. 1384, matatagpuan sa Barangay Macabling, may kabuuang sukat ng 46,064 metrong parisukat at nakapaloob sa Titulo Blg. T-13370 ay kasalukuyang nasasa lugal na itinalagang "Mixed Use" sa pinagtibay na Comprehensive Land Use Plan at Zoning Ordinance ng Taong 1981;

YAYAMANG, ang South Spring Development Corporation ay nagsulit ng kahilingan na magamit at mapatalagang gamit-institusyunal at komersiyal ang pinapaksang parsela ng lupaing nabanggit para sa mas kapaki-pakinabang na gamit ng lupain;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



YAYAMANG, ang gamit-institusyunal ay kaugma (compatible) ng kasalukuyang gamit, batay na rin sa isinasaad ng CLUP ng bayan ng Santa Rosa, Laguna at isinasaalang-alang pa rin ang pangangailangan ng pamayanan para sa panukalang proyektong inihahain ng South Spring Development Corporation bilang ang parsela ng lupain ay pauunlarin bilang kasudlong (extension) ng ngayo'y memorial park na kilala bilang Centennial Garden;

YAYAMANG, matapos ang pag-aaral ng lupon ay isinaalang-alang ng paayon ang kahilingan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang Kautusan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtatalaga sa Lote Blg. 1134, matatagpuan sa Barangay Macabling, may kabuuang sukat na 46,064 metrong parisukat bilang gamit-institusyunal/komersiyal.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

**LEON C. ARCILLAS**
Punong-bayan

Pinatotohanan:

**JOSE B. CATINDIG, Jr.**
Pang. Punong-bayan

**LUISITO B. ALGABRE**
Kagawad

**MARCELITO S. LASERNA**
Kagawad

**RAUL P. AALA**
Kagawad

**PETRONIO C. FCTORIZA**
Kagawad

**ERIC T. PUZON**
Kagawad

**ARTURO M. TIONGCO**
Kagawad

**LAUDEMER A. CARTA**
Kagawad

**ARTEMIO M. GOMEZ**
Kagawad

**ROMEO P. AALA**
Kagawad

PATOTOO:

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Pambayang Kalihim